



## KIT SA PAGKAKABIT NG PANGUNAHING AMPLIFIER (PN 76000974 AT 76001045)

### Talahanayan 1.

Harley-Davidson Audio Powered by Rockford Fosgate®		
Mga Kit	Mga Iminumungkahing Kagamitan	Antas ng Kasayanan
76000974, 76001045	Salaming Pangkaligtasan, Torque Wrench, Power Drill, Drill Bit Set (specifically 13/64 or 0.203-in.), Masking Tape, Deburring Tool, Isopropyl Alcohol, Malilinis na Basahan, 2 1/2-pulgadang. Hole Saw	

### MGA NILALAMAN NG KIT




Figure 1. Mga Pamalit na Piyesa: Primary Amplifier Kit

**Talahanayan 2. Listahan ng Mga Pamalit na Piyesa: Primary Amplifier Kit**

<input checked="" type="checkbox"/>	Item	Qty	Paglalarawan	Part No. (Piyesa Blg.)	Mga tala
<input type="checkbox"/>	1	1	Connector, 2-way	69200271	
<input type="checkbox"/>	2	2	Pin seal	72473-07	
<input type="checkbox"/>	3	1	Saddlebag harness, panlabas	Hindi ipinagbibili nang hiwalay	
<input type="checkbox"/>	4	6	Turnilyo, Pan Head TORX™, T15	10200065	
<input type="checkbox"/>	5	1	Takip ng amplifier	76000994	
<input type="checkbox"/>	6	2	Turnilyo, socket head, 1/4-20	10201064	
<input type="checkbox"/>	7	1	Mount bracket ng amplifier, kaliwang saddlebag	76001004	
<input type="checkbox"/>	8	2	Grommet, amplifier mount bracket	12100052	
<input type="checkbox"/>	9	2	Stud pin, 1/4-20	12600305	
<input type="checkbox"/>	10	1	Saddlebag harness, panloob	Hindi ipinagbibili nang hiwalay	
<input type="checkbox"/>	11	1	Takip ng wire harness	76000995	
<input type="checkbox"/>	12	1	Template sa pag-drill	76001009	
<input type="checkbox"/>	13	1	Label, kapasidad ng saddlebag	14002201	
<input type="checkbox"/>	14	1	Harness, Bluetooth® Dongle	69202641	Mga 2017 at mas Bagong Touring na Modelo
<input type="checkbox"/>				69202657	2014-2016 na Touring na mga Modelo
<input type="checkbox"/>	15	1	Dual lock	76434-06	
<input type="checkbox"/>	16	8	Retainer, wire	69200342	
<input type="checkbox"/>	17	10	Cable strap	10006	
<input type="checkbox"/>	18	1	Fuse, 40 Amp	72371-95	

**TALA**

Tiyakin na lahat ng nilalaman ay nasa kit bago magkabit o magtanggali ng mga item mula sa sasakyan.

**PANGKALAHATAN**

**TALA**

Ang bagong kabit na audio system at mga speaker ay hindi magpe-play ng audio hangga't hindi ito naikukumpigura gamit ang audio app ng Harley-Davidson o ng isang awtorisadong dealership ng Harley-Davidson.

**TALA**

Ang iba't ibang henerasyon ng mga speaker, amplifier, at wiring para sa mga sasakyang Harley-Davidson ay hindi dinisenyo o sinubukan upang gumana nang sama-sama. Mangyaring sumangguni sa P&A catalog para sa mga rekomendasyon sa pagkakasya at kumonsulta sa iyong dealership upang matiyak ang pinakamahusay na paggana at pagtutugma.

Ang Bluetooth Dongle ay isang bahagi ng audio communication. Kapag ginamit na kasama ng H-D audio app, maaari itong

magtalaga ng mga amplifier at speaker channel o maaari nitong pagandahin ang tunog sa pamamagitan ng pagpapalawak ng saklaw ng frequency gamit ang karagdagang equalizer. Ang dongle **AY HINDI MAAARING** gamitin bilang device na pangkomunikasyon sa pagitan ng iyong telepono at radyo ng sasakyan.

**Mga Modelo**

\*Para sa impormasyon ukol sa fitment ng modelo, tingnan ang seksyon ng Retail na Katalogo ng P&A o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng [www.harley-davidson.com](http://www.harley-davidson.com) (Ingles lamang).

Siguraduhin na ginagamit mo ang pinakabagong bersyon ng pahina ng tagubilin na makukuha sa: [h-d.com/isheets](http://h-d.com/isheets)

Makipag-ugnayan sa Harley-Davidson Customer Support Center sa 1-800-258-2464 (para sa U.S. lang) o sa 1-414-343-4056.

## Overload sa Kuryente

### ▲ BABALA

Kapag nag-i-install ng anumang de-kuryenteng accessory, tiyaking hindi lalampas sa maximum na rating ng amperage ng fuse o circuit breaker na nagpoprotekta sa naapektuhang circuit na binabago. Ang paglampas sa maximum na amperage ay maaaring humantong sa mga pagpalyang elektrikal, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00310a)

### PAUNAWA

Posibleng ma-overload ang charging system ng iyong sasakyan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng napakaraming de-kuryenteng accessory. Kung ang pinagsamang de-kuryenteng accessory na gumagana nang sabay-sabay ay kumokonsumo ng higit pa sa kuryenteng kayang likhain ng charging system ng sasakyan, maaaring madiskarga ng pagkonsumo ng kuryente ang baterya at magdulot ng pinsala sa sistemang elektrikal ng sasakyan. (00211d)

Nangangailangan ang amplifier na ito ng hanggang **8 amps** na dagdag na current mula sa elektrikal na system.

## Mga Kinakailangan sa Pagkakabit

I-download ang audio app ng Harley-Davidson.

Gamitin ang kit na ito kasama ng iba pang mga **Harley-Davidson Audio powered by Rockford Fosgate®** kit.

Para sa maayos na pagkakabit ng amplifier mount bracket sa ibabaw ng saddlebag, dapat pahintulutan ang proseso ng pagdikit na matuyo nang hindi bababa sa 24 na oras.

Kung nagkakabit ng pangalawang amplifier na may 6 o 8 speaker operation, hintayin hanggang maikabit na ang lahat ng bahagi ng speaker bago magsagawa ng anumang koneksyon. Tingnan ang angkop na iSheet ng kit sa pagkakabit ng speaker o harness.

Ang harness na ito ay dapat lamang **GAMITIN** sa mga **2014 at mas bagong** Harley-Davidson audio system.

Ang mga item na ito ay makukuha sa iyong dealership ng Harley-Davidson:

- **2014 at Mas Bagong FLHTKSE, FLTRUSE at Touring:** Kailangan ng hiwalay na pagbili ng Kit sa Pagkakabit ng Pangalawang Amplifier ng Harley-Davidson (Piyesa Blg. 76000975) para sa pagkakabit na ito. Nakadepende ito kung may anim na speaker o higit pa at kung paanong itinalaga ang mga channel.
- **2014 at 2016 FLHTKSE, FLTRUSE at Touring:** Hiwalay na pagbili ng Harley-Davidson Power Extension Harness (Bahagi Blg. 69200921) ang maaaring kailanganin. Gamitin ito kapag may nakakabit na maraming elektronikong accessory sa sasakyan.
- **2017 at Mas Bagong FLHTKSE, FLTRUSE at Touring:** Maaaring kailanganin ang hiwalay na pagbili ng Harley-Davidson Power Extension Harness (Piyesa Blg. 69201706). Gamitin ito kapag may nakakabit na maraming elektronikong accessory sa sasakyan.

- **2014 at Mas Bagong FLHTKSE, FLTRUSE, at Touring:** Kailangan ng hiwalay na pagbili ng Harley-Davidson Primary Amplifier and Dongle Kit (Piyesa Blg. 76000997) para sa pagkakabit na ito.
- **2021 at Mas Bagong FLHXSE at FLTRXSE:** Ang hiwalay na pagbili ng Harley-Davidson Bluetooth Dongle (Piyesa Blg. 41000771) ay kailangan para sa pagkakabit na ito. Para sa paggamit ng audio app ng Harley-Davidson.
- **2021 at Mas Bagong FLHXSE at FLTRXSE:** Ang hiwalay na pagbili ng Harley-Davidson Dual Lock Tape (Piyesa Blg. 76434-06) ay kailangan para sa pagkakabit na ito.

### ▲ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Gamitin ang naaangkop na mga pamamaraan sa manwal ng serbisyo. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00333b)

Inirerekomenda ang pagkakabit ng technician sa isang Harley-Davidson dealership.

## MAGHANDA

### TALA

*Tumutukoy sa impormasyon sa manwal ng serbisyo ang pahina ng tagubilin na ito. Ang manwal ng serbisyo para sa taon/modelo na ito ng motorsiklo ay kinakailangan para sa pagkakabit na ito. Mayroong isa na makukuha mula sa dealer ng Harley-Davidson.*

1. Alisin ang mga saddlebag.
2. Tanggalin ang mga takip sa gilid.
3. Tanggalin ang pangunahing fuse.
4. Alisin ang upuan.
5. Tanggalin ang tangke ng gasolina.
6. Alisin ang kaliwang caddy.
7. Tanggalin ang top caddy.
8. Alisin ang ibabang backbone caddy.
9. **Fairing na Nakakabit sa Fork:**
  - a. Tanggalin ang windshield.
  - b. Tanggalin ang panlabas na fairing.
  - c. Alisin ang dash panel.
10. **Fairing na Nakalagay sa Frame:**
  - a. Tanggalin ang grille ng speaker.

- b. Tanggalin ang panlabas na fairing.

## SADDLEBAG

### TALA

*Mag-ingat nang mabuti nang hindi masira ang pintura sa ibabaw.*

1. Tingnan ang Pigura 2. Iposisyon ang template ng drill (1) sa kaliwang saddlebag (2).

- a. Gumamit ng tape upang maipirmi ang template.

2. **TALA**

*Huwag baguhin ang kanang saddlebag.*

Tingnan ang Pigura 2. Baguhin ang kaliwang saddlebag (2).

- a. Isentro ang mga lokasyon ng babarenahin sa template.

- b. **Mga butas ng panloob na harness:** Gumamit ng 2 1/2 pulgadang hole saw.

- c. **Mga butas ng turnilyo:** Gumamit ng 5.15 mm (13/64-in.) drill bit.

- d. Tingnan ang Pigura 3. Gupitin ang materyal upang maikurba ang kanto (3).

- e. I-deburr ang mga butas sa pamamagitan ng bahagyang pagkiskis sa ibabaw.

- f. Linisin ang lahat ng panig ng body work gamit ang 50-70% na isopropyl alcohol at 30-50% ng distilled na tubig. Payagang matuyo nang husto.

3. Tingnan ang Pigura 1. Ikabit ang label ng kapasidad ng saddlebag (13).

- a. Ilagay sa ibabaw ng kasalukuyang label.

4. Tingnan ang Pigura 5. Ikabit ang grommet (3) sa amplifier mount bracket (4).

5. Ikabit ang stud pin (2) sa amplifier (1). Higpitan.

Torque: 9–12 N·m (80–106 **in-lbs**) *Amplifier stud pin*

6. Tingnan ang Pigura 7. Ikonekta ang connector ng panloob na harness (4) sa amplifier (2).

7. Ikabit ang amplifier (2) sa amplifier mount bracket (3).

8. Tingnan ang Pigura 9. Ikabit ang takip ng amplifier (2).

9. Ikabit ang mga turnilyo (1). Higpitan.

Torque: 9–12 N·m (80–106 **in-lbs**) *Turnilyo ng takip ng amplifier*

10. Tingnan ang Pigura 7. Ikabit ang takip ng wire harness (6).

11. Tingnan ang Pigura 3. Ikabit ang panloob na harness (2).

12. **TALA**

*Kapag hindi humanay ang panloob na harness sa mga butas sa saddlebag, lakihan ang butas gamit ang 6.35 mm (1/4 na pulgada) drill bit. I-deburr at linisin ang saddlebag.*

Ikabit ang mga turnilyo (1). Higpitan.

Torque: 1,1–1,5 N·m (10–13 **in-lbs**) *Mga turnilyo ng panloob na wire harness*

13. Tingnan ang Pigura 8. Ikabit ang assembly ng amplifier mount bracket.

- a. Tingnan ang Pigura 4. Subukan kung magkakasya ang mount bracket assembly. Dapat nakatuwid, nakasentro, at nakalapit sa pinakaibaba ng saddlebag hangga't maaari ang bracket.

- b. Tingnan ang Pigura 6. Gamtiin ang mga slit sa mounting bracket (1) upang ikurba at i-akma ang hugis ng saddlebag (2) nang hindi umuuga. Matitiyak nito ang mas maayos na paglapat at pagdikit ng tape. Huwag munang balatan ang tape sa oras na ito.

- c. Tingnan ang Pigura 4. Subukan kung kakasya ang huling lokasyon habang tinitiyak na nakatuwid, nakasentro, at nakalapit sa pinakaibaba ng saddlebag hangga't maaari ang bracket.

- d. Gumamit ng marker, masking tape, o lapis upang markahan ang lokasyong pagkakabit.

### TALA

*Tingnan ang Pigura 7. Tiyaking dadaan ang wire harness bundle sa bahagi sa ilalim ng amplifier nang hindi nababaliko o napupulupot. Dapat hindi mahila ng bundle ang takip ng wire harness (6) papalayo sa panloob na harness (5).*

- e. Balatan ang tape mula sa assembly ng mount bracket.

### TALA

*Sa sandaling naka-tape na sa puwesto ang bracket, magiging mahirap nang alisin ito nang hindi nasisira ang bracket.*

- f. Ikabit ang assembly ng mount bracket sa minarkahang lokasyon.

- g. Itayo ang saddlebag sa dulo at hayaang matuyo ang tape nang hindi bababa sa 24 na oras.




Figure 2. Template ng Kaliwang Saddlebag




Figure 3. Panloob na Harness




Figure 4. Pagkakabit ng Mount Bracket




Figure 5. Amplifier Stud Pin




Figure 6. Saddlebag Contour




Figure 7. Assembly ng Amplifier ng Kaliwang Saddlebag




Figure 8. Saddlebag Harness na may Amplifier




Figure 9. Takip ng Amplifier

## EXTERNAL HARNESS

### 2014-2016 Touring

#### TALA

Kung nagkakabit ng pangalawang amplifier na may 6 o 8 speaker operation, hintayin hanggang maikabit na ang lahat ng bahagi ng speaker bago magsagawa ng anumang koneksyon. Tingnan ang angkop na iSheet ng kit sa pagkakabit ng speaker o harness.

1. Tingnan ang Figura 10. Idaan ang panlabas na saddlebag harness sa may frame. Gamit ang mga cable strap, maluwag na ikabit ang harness sa mga anchor point (1). Huwag higpitan ang cable straps.
2. Ikabit ang saddlebag upang masubukan ang haba ng harness. Magtira ng sapat na haba upang madaling maikonekta sa saddlebag.
3. Tingnan ang Figura 11. Idaan ang harness branch [350A] (6) sa bahagi ng kahon ng baterya.

#### 4. TALA

Tingnan ang Figura 12. Kung **WALANG** nakakabit na pangalawang amplifier, magpasok ng seal pins (9) sa takip (8) at ikonekta sa connector [350A] (7).

Kung magkakabit ng pangalawang amplifier, ikonekta ang [350A] (7) sa connector ng pangalawang amplifier.

Tingnan ang Figura 12. Idaan ang mga data link connector (12, 13) sa may bahagi ng kaliwang caddy.

5. Tingnan ang Figura 11. Idaan ang item 1-5 sa harapan ng baterya at papunta sa kanang takip.
6. Ikonekta ang negatibong kable ng baterya (2).

7. Ikonekta ang positibong kable ng baterya (1).
8. Ipirmi sa puwesto ang fuse holder (3) ng amplifier gamit ang cable strap.
9. Hanapin ang data link connector [91A] sa kaliwang caddy. Tingnan ang manual ng serbisyo.

10. **TALA**

**HUWAG** alisin ang connector mula sa Body Control Module (BCM). Tiyaking tinanggal ang pangunahing fuse kung kakailanganing idiskonekta ang BCM connector.

I-angat ang locking tab. I-slide ang BCM habang nakaalis sa kaliwang caddy ang ikinabit na connector.

11. Alisin ang connector [91A] mula sa caddy.
12. Alisin ang weather cap mula sa connector [91A].
13. Tingnan ang Figura 12. Ikonekta ang gray socket housing ng amplifier harness [91B] (12) sa connector ng sasakyan [91A].
14. Ilagay ang [91A] (13) mula sa panlabas na harness sa ibabaw ng [91B]. Ikabit gamit ang mga kableng strap.
15. Palitan ang weather cap mula sa sasakyan [91A] sa panlabas na harness [91A].
16. Ikabit ang BCM habang nakakabit ang connector sa kaliwang caddy.
17. Tingnan ang Figura 12. Ikabit ang fuse (4) sa fuse holder (3).
18. Ikabit ang natitirang harness gamit ang mga cable strap ayon sa pangangailangan.


19. **TALA**

*Kapag nagkaroon ng problema sa espasyo sa pagitan ng bracket ng antenna at pang-itaas na connector ng saddlebag, luwagan ang bracket ng antenna at muling iposisyon ang bracket sa fender support upang magkaroon ng dagdag na espasyo.*


*Tiyaking sapat ang pagkakapirmi ng wire harness upang maiwasan ang pagtama sa mga gumagalaw na bahagi.*

Tingnan ang Figura 10. Ikonekta ang panlabas na saddlebag harness sa panloob na harness (2) sa saddlebag.


20. Ikabit ang saddlebag sa sasakyan.



**Figure 10. Pagruruta ng Panlabas na Wire Harness (Tipikal)**



**Figure 11. Pagruruta ng Panlabas na Wire Harness (Tipikal)**



- |   |  |
|---|--|
| 1. [351A] Audio out (channel 3,4)       | 8. Cap   |
| 2. [349B] Amplifier Input/Output/Enable | 9. Seal pin (2)                                    |
| 3. [43] Amplifier fuse holder           | 10. [288B_2] Kaliwang saddlebag connector (8 pin)  |
| 4. 40 Amp fuse                          | 11. [288B_1] Kaliwang saddlebag connector (16 pin) |
| 5. [005] Wire ng baterya (-)            | 12. [91B] Data link connector                      |
| 6. [021] Wire ng baterya (+)            | 13. [91A] Data link connector                      |
| 7. [350A] A2B Jumper                    |  |

Figure 12. External Harness Connectors (2014-2016)

## 2017 at Mas Bagong Touring

### TALA

*Kung nagkakabit ng pangalawang amplifier na may 6 o 8 speaker operation, hintayin hanggang maikabit na ang lahat ng bahagi ng speaker bago magsagawa ng anumang koneksyon. Tingnan ang angkop na iSheet ng kit sa pagkakabit ng speaker o harness.*

1. Tingnan ang Figura 10. Idaan ang panlabas na saddlebag harness sa may frame. Gamit ang mga cable strap, maluwa ng ikabit ang harness sa mga anchor point (1). Huwag higitan ang cable straps.

2. Ikabit ang saddlebag upang masubukan ang haba ng harness. Magtira ng sapat na haba upang madaling maikonekta sa saddlebag.

3. **TALA**

*Tingnan ang Figura 13. Kung **WALANG** nakakabit na pangalawang amplifier, magpasok ng seal pins (10) sa takip (11) at ikonekta sa connector [350A] (9).*

*Kung magkakabit ng pangalawang amplifier, ikonekta sa connector ng pangalawang amplifier.*

Tingnan ang Figura 11. Idaan ang harness branch [350A] (6) sa bahagi ng kahon ng baterya.

4. **TALA**

*Tingnan din ang Figure 13 upang tukuyin ang 2017 at mga mas bagong connector ng panlabas na harness.*

Tingnan ang Figura 11. Idaan ang item (1-5) sa harapan ng baterya at papunta sa kanang takip.

5. Ikonekta ang negatibong kable ng baterya (2).

6. Ikonekta ang positibong kable ng baterya (1).

7. Ipirmi sa puwesto ang fuse holder (3) ng amplifier gamit ang cable strap.

8. Tingnan ang Figura 12. Ikabit ang fuse (4) sa fuse holder (3).

9. Ikabit ang natitirang harness gamit ang mga cable strap ayon sa pangangailangan.

10. **TALA**

*Kapag nagkaroon ng problema sa espasyo sa pagitan ng bracket ng antenna at pang-itaas na connector ng saddlebag, luwagan ang bracket ng antenna at muling iposisyon ang bracket sa fender support upang magkaroon ng dagdag na espasyo.*

*Tiyaking sapat ang pagkakapirmi ng wire harness upang maiwasan ang pagtama sa mga gumagalaw na bahagi.*

Tingnan ang Figura 10. Ikonekta ang panlabas na saddlebag harness sa panloob na harness (2) sa saddlebag.

11. Ikabit ang saddlebag sa sasakyan.






Figure 13. Mga Connector ng Panlabas na Harness (2017)

## BLUETOOTH DONGLE HARNESS (2014 - 2016)

TALA

*Hindi kasama sa prosesong ito ang mga modelong FLHXSE.*

Ang Bluetooth Dongle ay isang bahagi ng audio communication. Kapag ginamit na kasama ng H-D audio app, maaari itong magtalaga ng mga amplifier at speaker channel o maaari nitong pagandahin ang tunog sa pamamagitan ng pagpapalawak ng saklaw ng frequency gamit ang karagdagang equalizer. Ang dongle **AY HINDI MAAARING** gamitin bilang device na pangkomunikasyon sa pagitan ng iyong telepono at radyo ng sasakyan.

### Fairing na Nakalagay sa Fork

1. Tingnan ang Figura 14. Ikabit at idaan ang route bluetooth dongle harness sa ilalim ng faring.
2. Hanapin ang mga connector ng sasakyan: [22-1] at [299].
  - a. Idiskonekta ang mga connector.
3. Ikonekta ang bluetooth dongle harness sa sasakyan sa may connector ng kanang kontrol sa caddy na matatagpuan sa ilalim ng radyo.
  - a. Dongle harness [22-1A] sa harness ng sasakyan [22-1B].
  - b. Dongle harness [22-1B] sa harness ng sasakyan [22-1A].
  - c. Dongle harness [299A] sa harness ng sasakyan [299B]

TALA

*Gamitin ang Piyesa Blg. 69200921 extension harness kung kinakailangan.*

- d. Dongle harness [299B] sa harness ng sasakyan [299A]

4. Ikonekta ang bluetooth dongle (1) sa bluetooth dongle harness.
  - a. [353B] (2).
  - b. Ipirmi sa puwesto ang dongle (1) sa istruktura ng fairing support gamit ang dual lock tape (8).

5. TALA

*Ang component ng Sasakyan papunta sa Bluetooth ay isang beses lang dapat i-pair maliban kung nagdaragdag ng bagong bluetooth device o pumalya ang system component.*

*Ang Bluetooth dongle (1) ay maaari lamang i-pair sa isang mobile device sa bawat pagkakataon. Maaaring i-unpair ang dongle sa pamamagitan ng audio app o pagpindot sa pair switch (7) na matatagpuan sa harness.*

*Ikabit ang pair switch (7) kung saan hindi ito aksidenteng mapapagana habang pinatatakbo ang sasakyan.*

Idaan at ipirmi sa puwesto ang pair switch (7).

- a. Sa loob ng fairing, malapit sa steering head.




Figure 14. Fork Mounted Fairing Bluetooth Dongle Harness (2014-2016)

### Fairing na Nakalagay sa Frame

1. Tingnan ang Figura 15. Ikabit at idaan ang route bluetooth dongle harness sa ilalim ng faring.
2. Hanapin ang mga connector ng sasakyan: [243] at [299].
  - a. Idiskonekta ang mga connector.
3. Ikonekta ang bluetooth dongle harness sa sasakyan.
  - a. Dongle harness [22-1A] sa harness ng sasakyan [243B].
  - b. Dongle harness [22-1B] sa return loop cap [243A].
  - c. Dongle harness [299B] sa harness ng sasakyan [299A].

TALA

Gamitin ang Piyesa Blg. 69200921 extension harness kung kinakailangan.

4. Ikonekta ang bluetooth dongle (8) sa bluetooth dongle harness.
  - a. [353B] (7).
  - b. Ipirmi sa puwesto ang dongle (8) sa istruktura ng fairing support gamit ang dual lock tape (9).

### 5. TALA

Ang component ng Sasakyan papunta sa Bluetooth ay isang beses lang dapat i-pair maliban kung nagdaragdag ng bagong bluetooth device o pumalya ang system component.

Ang Bluetooth dongle (8) ay maaari lamang i-pair sa isang mobile device sa bawat pagkakataon. Maaaring i-unpair ang dongle sa pamamagitan ng audio app o pagpindot sa pair switch (3) na matatagpuan sa harness.

Ikabit ang pair switch (3) kung saan hindi ito aksidenteng mapapagana habang pinataakbo ang sasakyan.

Idaan at ipirmi sa puwesto ang pair switch (3).

- a. Sa ilalim ng kanang speaker grille.




Figure 15. Fairing Bluetooth Dongle Harness na Nakakabit sa Frame (2014-2016)

### BLUETOOTH DONGLE HARNESS (2017 AT MAS BAGO)

TALA

Ang pamamaraang ito ay pareho sa mga modelong CVO.

Ang Bluetooth Dongle ay isang bahagi ng audio communication. Kapag ginamit na kasama ng H-D audio app, maaari itong magtalaga ng mga amplifier at speaker channel o maaari nitong pagandahin ang tunog sa pamamagitan ng pagpapalawak ng saklaw ng frequency gamit ang karagdagang equalizer. Ang dongle **AY HINDI MAAARING** gamitin bilang device na pangkomunikasyon sa pagitan ng iyong telepono at radyo ng sasakyan.

1. Tingnan ang Figura 16. Ikabit at idaan ang bluetooth dongle harness.

2. Hanapin ang mga connector ng sasakyan: [319] at [325].

a. Idiskonekta ang mga connector sa takip at terminating resistor.

3. **Para sa 2021 at Mas Bagong FLHXSE / FLTRXSE na mga Modelo Lamang:**

a. Ikonekta ang dongle harness [319B] sa sasakyan [319A].

b. Ikonekta ang dongle harness [319B] sa terminating resistor cap.

4. **TALA**

*Gamitin ang Bahagi Blg. 69201706 na extension harness kung kinakailangan.*

Ikonekta ang amplifier harness sa vehicle.

a. Amplifier harness [319A] sa sasakyan [319B].

5. Ikonekta ang bluetooth dongle harness sa amplifier harness at sasakyan.

a. Dongle harness [319A] sa amp harness [319B].

b. Dongle harness [319B] sa terminating resistor cap [319A].

c. Dongle harness [325A] sa sasakyan [325B].

**TALA**

*Gamitin ang Bahagi Blg. 69201706 na extension harness kung kinakailangan.*

6. Ikonekta ang bluetooth dongle (1) sa bluetooth dongle harness.

a. [353B] (2).

b. Tiyaking nakapirmi ang dongle (1) sa likod ng kanang takip gamit ang dual lock tape (7).

7. **TALA**

*Ang component mula sa sasakyan papunta sa bluetooth ay isang beses lang dapat i-pair maliban kung nagdaragdag ng bagong bluetooth device o pumalya ang system component.*


*Ang Bluetooth dongle (1) ay maaari lamang i-pair sa isang mobile device sa bawat pagkakataon. Maaaring i-unpair ang dongle sa pamamagitan ng audio app o pagpindot sa pair switch (3) na matatagpuan sa harness.*

*Ikabit ang pair switch (3) kung saan hindi ito aksidenteng mapapagana habang pinatakbo ang sasakyan.*

Iadaan at ipirmi sa puwesto ang pairing switch (3).

a. **Nakakabit sa Frame:** Sa ilalim ng kanang speaker grille.

b. **Nakakabit sa Fork:** Sa ilalim ng kanang takip.



**Figure 16. Bluetooth Dongle Harness (2017 at Mas Bago)(Tipikal)**

### **BLUETOOTH DONGLE HARNESS (2021 AT MAS BAGONG FLHXSE / FLTRXSE)**

Ang Bluetooth Dongle ay isang bahagi ng audio communication. Kapag ginamit na kasama ng H-D audio app, maaari itong magtalaga ng mga amplifier at speaker channel o maaari nitong pagandahin ang tunog sa pamamagitan ng pagpapalawak ng saklaw ng frequency gamit ang karagdagang equalizer. Ang dongle **AY HINDI MAAARING** gamitin bilang device na pangkomunikasyon sa pagitan ng iyong telepono at radyo ng sasakyan.

1. Hiwalay na bibilhiin ang Harley-Davidson Bluetooth Dongle, Bluetooth Dongle wire harness at dual lock tape. Tingnan ang Mga Pangangailangan sa Pagkakabit sa PANGKALAHATAN .

2. Tingnan ang BLUETOOTH DONGLE HARNESS (2017 AT MAS BAGO) para sa pamamaraan ng pagkakabit.

## MGA KONEKSYON NG SPEAKER

TALA

Kung **MAYROONG** mga speaker sa saddlebag, ikonekta ang kaliwang harness ng saddlebag speaker sa [351A].

Kung pangunahing amplifier lang ang mayroon at **WALANG** saddlebag speakers, maaaring nakakonekta ang Tour-Pak o fairing lower sa [351A].

Kung **WALANG** saddlebag speaker kasama ng pangalawang amplifier, maaaring nakakonekta ang Tour-Pak at/o fairing lower speakers sa alinman sa [351a] o [352a\_1] or [352a\_2].

### Channel 1 at 2

#### Fairing: Nakalagay sa Fork o Frame

1. Tingnan ang kit sa pagkakabit ng fairing speaker para sa pagruruta at mga koneksyon na may kaugnayan sa kit na iyon.
2. **Channel 1:** Kaliwang fairing speaker.
3. **Channel 2:** Kanang fairing speaker.

4. Ikonekta ang wire harness ng fairing speaker sa panlabas na harness [349B].

### Channel 3 at 4

#### Mga Fairing Lower, Mga Takip ng Saddlebag o Tour Pak

1. Tingnan ang naangkop na kit sa pagkakabit ng speaker para sa pagruruta at mga koneksyon na may kaugnayan sa kit na iyon.
2. **Channel 3:** Kaliwang speaker.
3. **Channel 4:** Kanang speaker.

TALA

Ang koneksyon sa [351A] ay ginawa sa saddlebag, tour-pak o fairing lowers.

Ikonekta ang wire harness ng angkop na kit sa panlabas na harness [351A].

Talahanayan 3. Mga Assignment ng Channel ng Amplifier

Mga Assignment	Mga Channel	Fairing ng mga Speaker	Mga Speaker ng Saddlebag	Mga Tour-Pak na Speaker	Mga Speaker sa Fairing Lower
Pangunahing Amplifier	1 at 2	X			
	3 at 4		X	X	X

## APP SETUP

TALA

Ang component ng Sasakyan papunta sa Bluetooth ay isang beses lang dapat i-pair maliban kung nagdaragdag ng bagong bluetooth device o pumalya ang system component.

Ang Bluetooth dongle ay maaari lamang i-pair sa isang mobile device sa bawat pagkakataon. Maaaring i-unpair ang dongle sa pamamagitan ng audio app o pagpindot sa pair switch na matatagpuan sa harness.

Kung Personal Identification Number (PIN) ay nakalimutan o nakalock at kailangan na i-reset, pindutin at idiin ang (Switch ng Pares o Switch ng Reset" (Tingnan ang Figure 16 , item 3) nang 3 segundo upang i-reset ang PIN. Ikonektang muli ang Bluetooth Dongle sa H-D Audio App upang itakda ang bagong PIN.

1. **Unresolved graphic link (id=39810-100120)** Pag-access sa iyong audio system.
  - a. I-pair ang device (1) sa system.
  - b. I-access ang mga menu nga app (2) upang mai-setup ang sound system.
2. **Unresolved graphic link (id=39810-100121)** Scree ng main menu.
  - a. Icon ng main menu (1).
  - b. I-reset o palitan ang security personal identification number (PIN) (2).

- c. I-edit at palitan ang pangalan ng iyong system (3).
  - d. I-customize ang main menu gamit ang larawan ng iyong bike (4).
  - e. Tagapagpahiwatig ng pagkakakonekta ng bluetooth. Ang slash through na simbolo ay nagpapahiwatig na: Hindi Nakakonekta (5).
3. **Unresolved graphic link (id=39810-100122)** Screen ng i-setup ang menu.
    - a. Icon ng i-setup ang menu (1).
    - b. Gamitin upang i-scan ang QR code (2) sa iSheet.
    - c. Manwal na pag-setup para sa Stage 1 o 2 na speaker, lokasyon ng speaker at white noise upang magtalaga ng mga lokasyon ng speaker.
  4. **Unresolved graphic link (id=39810-100123)** Screen ng equalizer setup.
    - a. Icon ng equalizer setup (1)
    - b. Mga frequency ng tune 7-Band equalizer (2).
    - c. Custom o preset na mga pagpipilian sa equalizer (3).
  5. **Unresolved graphic link (id=39810-100124)** Screen ng diyagnostikong menu.
    - a. Ang icon ng diyagnostikong menu (1) ay nagpapakita ng status ng sound system.

- b. Buksan ang screen ng speaker testing (2).
- c. Nire-refresh ang speaker at status ng amplifier (3) matapos ayusin ang component.
- d. Piliin ang speaker para sa pagsubok at paggana ng white noise (4).
- e. Bumalik sa screen ng diyagnostikong menu (5).

## **KUMPLETUHIN**

### **1. Fairing na Nakalagay sa Frame:**

- a. Ikabit ang grille ng speaker.
- b. Ikabit ang panlabas na fairing.

### **2. Fairing na Nakakabit sa Fork:**

- a. Ikabit ang windshield.
- b. Ikabit ang panlabas na fairing.
- c. Ikabit ang dash panel.

3. Ikabit ang pang-ibabang backbone caddy.

4. Ikabit ang pinakaitaas na caddy.

5. Ikabit ang takip ng kaliwang caddy.

6. Ikabit ang tangke ng gasolina.

7. Ikabit ang upuan.

8. Ikabit ang pangunahing fuse.

9. Ikabit ang mga takip sa gilid.

10. Ikabit ang mga saddlebag.